Republic of the Philippines
Department of Health
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**

FDA
Food and Drug Administration
PHILIPPINES

28 APR 2022

**FDA ADVISORY**
No. 2022-1004-A

**PARA** : **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

**PAKSA** : **Babala sa Publiko tungkol sa Paggamit ng Beripikadong Pekeng Gamot na Paracetamol (Biogesic®) 500 mg Tablet**

---

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng beripikadong pekeng gamot:

**TUNAY/*AUTHENTIC***




**PEKE/*COUNTERFEIT***




**Counterfeit** – Ang tableta, *knurling, security mark*, at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Figure 1. Paghahambing sa Tunay/*Authentic* at Peke/*Counterfeit* Paracetamol (Biogesic®) 500 mg Tablet (Lot No. 20364200)

Ang lahat ng *healthcare professionals* at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA.

Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng pekeng gamot na nagtataglay ng mga nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa *Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on Counterfeit Drugs*. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) *and Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-*email* sa **info@fda.gov.ph**. Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamut, mag-*email* sa **ereport@fda.gov.ph**. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* sa numerong **(02) 8809-5596**. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-*report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: **https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH** at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

**DR. OSCAR G. GUTIERREZ, JR.**
Officer-in-Charge Director General

DTN:
20220411132714